

24. Maraming mga kabataang babae sa Southern Nigeria ang nasangkot sa alak at prostitusyon. Ama, ipakita Mo sa kanila na Ikaw lamang ang Siyang pinagmumulan ng kasiyahan. (2 Cor. 4:4)

25. Ama, ingatan Mo ang kalusugan ng lahat ng tumutulong sa paglikha, paggawa, at pagsasahimpapawid ng mga programa ng Women of Hope sa Mali. Ingatan Mo ang TWR Women of Hope coordinator doon sa kanyang pagbibyahe papunta sa iba't ibang lugar. (Ps. 5:11)

26. Palakasin Mo, Panginoon, ang mga kabataang babae sa Côte d'Ivoire, sa kanilang pananampalataya at pangako na mamuhay at maglingkod para sa Iyo. Salamat dahil sa pamamagitan ng programa ay natuturuan ang mga kabataang babae tungkol sa mga sakit na maaaring makuha sa pakikipagtalik, pagbubuntis, at droga. (Prov. 3:5-8)

27. Ama, hinihiling namin na nawa ang mga simbahan sa Gabon ay lumapit sa Iyo nang may pagsisisi sa mga kasalanan ng bansa at ng simbahan. (Dan. 9:3-20)

28. Panginoon, gumawa Ka sa puso ng mga pinuno sa Benin upang sila ay maging mahabagin. Nawa ay matulungan nila ang mga mahihirap at nangangailangang kababaihan doon, kabilang na ang pagbibigay sa kanila ng karapatan para tumanggap ng mana. (Prov. 21:1)

29. Ama, ingatan Mo at palakasin ang loob ng mga mananampalataya sa Northern Nigeria sa kanilang pagsasamasama upang manalangin at magbahagi sa iba ng Mabuting Balita. (Ps. 23:4)

30. Panginoon, pinupuri Ka namin dahil sa Iyong katapatan na matulungan ang mga kababaihan sa Liberia na kahit mahirap ay nagtitipon para manalangin at magsama-sama buwan buwan. (1 Thess. 5:24)

31. Nagpapasalamat kami sa Diyos sa pagbubukas NIya na pintuan upang maipahayag ang Ebanghelyo sa Mali at sa mga kalapit na bansa - Guinea, Burkina Faso at Côte d'Ivoire. (Matt. 28:19-20)

PRAY FOR VIETNAM

1. Xin Chúa cho phụ nữ Việt Nam tin nhận Chúa Giê-xu, nhận biết mình là tạo vật đáng quý trước mặt Chúa và được tăng trưởng trong đức tin
2. Chúa ban sự giải cứu cho những phụ nữ đang bị bạo hành và an ủi họ bằng tình yêu của Ngài
3. Xin Chúa cho các bạn nữ trong Hội thánh sẽ lập gia đình với người tin Chúa và nuôi dạy con cái trong đức tin.

후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송

최초 입금 후 사무실로 연락 주시기 바랍니다

Lịch cầu nguyện này được dịch sang hơn 100 ngôn ngữ và được phát hành hàng tháng cho hơn 65.000 người cùng cầu nguyện



2022.12.

Cầu nguyện cho phụ nữ ở Tây và Trung Phi

Trẻ em châu Phi thường bị tước bỏ cơ hội học hành vì các con phải tham gia vào các hoạt động kinh tế để phụ giúp gia đình. Điều này, tuy nhiên, lại dẫn đến vòng luân quần của đói nghèo do trình độ học vấn thấp. Ở các nước có nội chiến, trẻ em đang chết vì suy dinh dưỡng. Chúng ta hãy cùng nhau cầu nguyện xin Chúa sẽ thương xót các con.

TWR Korea 북방선교방송

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twrk.or.kr

1. Panginoon, mangyaring protektahan Mo ang mga babaeng Kristiyano sa West Africa na may mga asawang pagano. Sila ay sapilitang pinapasamba sa mga diyus-diyosan. Nawa'y sa Iyo bumaling at maligtas ang mga lalaking ito. (1 Cor. 7:13-14)

2. Patatagin Mo po ang mga simbahan sa Central African Republic, nawa ay kumapit sila sa Iyong karunungan, lakas at proteksiyon habang sila ay dumaraan sa mahirap na panahon. (Ps. 71)

3. Ang aming grupo sa Nigeria ay nagbibigay ng pagsasanay upang ang mga maybahay ay magkaroon ng pagkakakitaan. Panginoon, pukawin Mo ang puso ng mga lokal na kongregasyon. Nawa ay suportahan nila ang ganitong mga proyekto. (Eph. 3:20)

4. Ama, nananalangin kami para sa mga outreach pastors sa Mali. Nawa ay magbukas Ka ng pintuan para sa ebanghelismo at gamitin Mo ang Women of Hope upang mapatatag ang mga mananampalataya. (Acts 14:27)

5. Panginoon, dalangin namin ang kapayapaan at katatagan sa Côte d'Ivoire upang magkaroon ng pagkakataon na lumaganap ang ebanghelyo at umunlad ang bansang ito. (Lev. 26:6)

6. Panginoong Diyos, dalangin namin na makita ng mga pinuno ng simbahan sa Gabon ang TWR Women of Hope bilang kamanggagawa sa pag-abot ng maraming tao para sa Iyo at hindi bilang kakumpitensiya. (Eccles. 4:9)

7. Ama, bigyan Mo nawa ng kaginhawaan mula sa kahirapan ang mga inaaping mamamayan ng Liberia at ibigay Mo ang kanilang mga pangangailangan. Bigyan Mo ng karunungan ang mga pinuno at nawa ay magkaroon ng pagbabago ang lumalalang sitwasyon ng ekonomiya. (Ps. 9:9)

8. Palakas in Mo ang mga misyonero sa Cameroon, Panginoon, at maipagkaloob nawa ang kanilang mga personal na pangangailangan habang naglilingkod sila sa Iyo. (2 Cor. 9:8)

9. Ang ilan sa mga tradisyon ng Africa ay nanghihiikayat ng pangangalunya sa mga tahanan. Ama, kumilos Ka sa puso ng mga taong pwedeng makatulong upang magkaroon ng pagbabago. Aliwin Mo rin at protektahan ang mga bata na inabandona ng kanilang mga ina dahil sa tradisyong ito. (Ex. 10:14)

10. Panginoon, ipinagkakatiwala namin sa Iyo ang programang Catch Them Young at dalangin namin na maraming mga batang nasa paaralan sa Nigeria ang makakilala kay Hesus. (Prov. 22:6)



**Có thể cài đặt app TWR360 để
nghe chương trình phát thanh**

11. Panginoon, patuloy Ka nawa na magbigay ng mga radyo para sa mga tagapakinig sa Mali. Nawa ay patuloy na mabuo bilang isang matatag na simbahan ang mga grupong nakikinig sa Boadié at Dioila. (1 Thess. 5:11)

12. Dalangin namin Panginoon na magkaroon ng pagkakataon na makapag-aral ang mga kababaihan sa Côte d'Ivoire upang matuto silang bumasa at magkaroon ng kasanayan sa kompyuter. (Prov. 18:15)

13. Diyos Ama, dalangin namin na ang Banal na Espiritu ay magdala ng pagbabagong-buhay sa simbahan sa Gabon at nawa'y maging asin sa lupa at liwanag sa mundo ang mga kongregasyon. (Matt. 5:13-14)

14. Panginoon, tulungan Mo po ang mga batang Kristiyano sa Liberia na maging masunurin sa kanilang mga magulang upang sila ay pagpalain at magkaroon ng mahabang buhay. (Ex. 20:12)

15. Ama, hinihiling namin na baguhin Mo ang puso ng mga iresponsableng kalalalakihan upang mapangalagaan nila ng maayos ang kanilang pamilya. (1 Tim. 5:8)

16. Nagpapasalamat kami sa Iyo, Panginoon, dahil ang Victa Media Communications ay nakiisa sa Gawain ng Wome of Hope sa Nigeria. Gamitin Mo ang ministryong ito sa isang makapangyarihang paraan para sa Iyong mga layunin. (Jer. 51:20-24)

17. Mayroong mga ulat sa Mali tungkol sa mga kababaihang pinatay ng kanilang asawa sa hindi malamang kadahilanan. Ama, protektahan Mo po ang mga kababaihan doon sa kanilang kahinaan at kaawa-awang kalagayan. (Prov. 31:8-9)

18. Pinupuri Ka namin, Panginoon, sa muling pagbubukas ng mga Bahay Sambahan sa Côte d'Ivoire. Gabayan Mo ang grupo ng Women of Hope sa panunumbalik ng mga gawain. (Heb. 10:24-25)

19. Mahabaging Ama, dalangin namin na ipagkaloob Mo ang mga pangangailangan ng mga kababaihan sa Gabon kung saan marami sa kanila ang naghahirap. Tugunin Mo nawa ang mga panalangin ng mga nagnanais na makapag-asawa at magkaroon ng pamilya. (Ps. 82:3)

20. Napakaraming kabataan sa Liberia ang sangkot sa droga pati na sa pagnanakaw at panggagahasa na kaakibat ng bisyong ito. Panginoon, putulin Mo ang mga tanikalang ito nawa ay mapalaya ang mga kabataan. (Eccles. 12:1)

21. Panginoon, patnubayan Mo ang pamunuan ng Central African Republic sa pagbuo ng imprastrakturang pangkalusugan na pakikinabangan ng mga mamamayan nito. (Jer. 30:17)

22. Dalangin namin na nawa ay ang Banal na Espiritu ang manguna sa mga pastor sa Cameroon. Nawa ay mapalaya sila mula sa kasakiman, pagmamataas at sa lahat ng iba pang kasamaan. (Eph. 5:18)

23. Dalangin namin ang grupo ng TWR Women of Hope sa Benin. Nawa ay maging epektibo sila sa pagbibigay ng pag-asa na nagmumula sa pagkakilala kay Kristo. (Acts 6:7)